Sa Lahat ng Mga Magulang

Ika-1 ng Pebrero

Komite ng Edukasyon
ng Siyudad ng Ota

Hindi na mapigilan ang paglapit ng pagpasok ng mga bata sa paaralan. Kasama sa pagpasok ay ang pag-asam sa pagkaroon ng pag-asa at ng magandang kinabukasan hindi lang sa anak kundi pati]na rin sa buong pamilya. Upang matulungan ang anak sa bagong takbo ng buhay - sa buhay-paaralan - at upang mapanatili ang kalagakan at tagumpay na kasunod nito, may papel na gagampanan ang paaralan at ang pamilya. Bukod sa paggawa sa kanya-kanyang gawain ay kailangan ang pagkakaroon ng kooperasyon ng paaralan at ng mga magulang.

Ang mga nakasulat sa ibaba ay pinapakiusapan ng paaralan na maisagawa bago ang pasukan ng inyong anak sa paaralan:

ANG MGA KAILANGAN PAG-ARALAN NG MGA BATA BAGO PUMASOK SA PAARALAN

< Ang Mga Importanteng Pag-uugali>

- Makinig ng mabuti kung kinakausap
- Bumati at sumagot ng maayos, sa malakas na boses
- Umupo ng maigi sa upuan
- Ihiwalay ang sariling gamit sa gamit ng iba
- Iayos ang sapatos paghinubad
- Iayos ang mga damit
- Kumain ng maayos sa umaga
- Ayusin ang pagsisipilyo
- Siguraduhing maayos ang mesa at ang mga nasa kapaligiran
- Magkusang matulog at gumising ng maaga
- Huwag magsinungaling

< Pakikipagkaibigan >

- Huwag mamimili ng kaibigan
- Maglaro kasama ang iba, hindi nag-iisa
- Huwag magsalita ng masama tungkol sa kaibigan
- Makipagkaibigan maski kanino, tumulong sa paglalaro o sa pag-aaral
- Humingi ng patawad kung nagkamali
- Tulungan ang mga nahihirapan
- Kung maaari ay maglaro sa loob ng kalikasan at makontento na igalaw ang katawan ditto

2. ANG MGA MAAARING GAWIN BILANG MAGULANG O KAMAG-ANAK. NAWA ISAPUSO ANG PAGGAWA NGA MGA ITO.

Hikayatin ang anak na magkusang matulog at gumising ng maaga.

Tulungan ito sa bagong takbo ng buhay.

Pakainin ang anak ng maayos sa umaga.

＊ Purihin ang anak kung gumawa ng mabuti at pagalitan kung may ginawang hindi mabuti. Kung pinapagalitan ang anak ay ipakita na mahal niyo ito at mahalaga siya sa inyo.

＊ Hayaang magkaroon ang anak ng sariling lugar at ang pagkakaroon ng presensiya. Kung maaari ay makinig ng maigi kung nagsasalita ang anak.

＊ Kung may katanungan ang bata ay huwag “ato de” ang isagot kundi pareho niyong hanapin kaagad ang kasagutan.

＊ Tuparin ang mga ipinangako sa bata.

＊ Kung maaari ay damihan ang oras na kasama ang anak. Magbasa ng libro, mag-usap, o gumawa ng ibang bagay kasama ang anak.

＊ Kung maaari ay ipagawa ang mga kayang gawin sa anak at purihin pagkatapos gawin.

＊ Pahalagahan ang pagkakaroon ng iba’t ibang eksperiensiya at pakikihalobilo ng anak sa mga matatanda.

＊ Hikayatin ang anak na tumulong sa gawaing-bahay habang ito ay lumalaki.

＊ Iwasan ang pasosobra ng proteksiyon at pakikialam sa anak. Itrato ito bilang isang tao.

＊ Iwasan ang pagbibigay ng “instant” na pagkain dahil wala itong idinudulot na sust as sya sa katawan.

＊ Ituro ang pagtitiis at ang pagkakaroon na pasensiya.

＊ Lumakad kasama ang anak pagpunta sa paaralan. Tiyakin ang mga lugar na delikado, sabihin na huwag sasama sa taong hindi kilala. Ihanda ang anak sa pagpasok sa paaralan.